BAGONG LIWANAG
NG KAHARIAN

Pagaaral - 1
ANG NAWALANG KAHARIAN

PAUNANG SALITA

Bakit kailangang magaral ng Biblia? Marami nang tao sa buong daigdig ang nakatuklas na ang Biblia ay hindi pangkaraniwang aklat. Ang Judaismo at Cristianismo, dalawa sa mga dakilang relihiyon ng mundo, ay kapwa nilang ibinatay sa Biblia ang kanilang mga paniniwala. Itinuturo nila na ang Biblia ay banal na kasulatang isinaisip (inspired) ng Dios sa mga manunulat. Apat-na-pong mga propeta ng Dios at mga alagad ni Jesus ang sumulat ng mga aklat ng Biblia. Gumamit sila ng tatlong wika sa pagsulat (Hebreo, Griego at Arameo) sa loob ng 1,600 taon.

Maraming tao ang nagkakamali sa paggamit at pagunawa ng Biblia. Unang-una, ang Biblia ay siyang tunay na kasaysayan ng Dios at ng Kanyang mga nilalang sa lupa. Hindi ito sinulat upang gamitin na istorya ng daigdig (world history). Ang Biblia ay nagpapatotoo sa panukala ng Panginoon para sa mga tao at sa Kanyang talagang layunin para sa mga nilalalang Niya. Hindi ito isinulat upang malaman lamang natin ang mga hula ng mga propeta. Higit dito, ang Biblia ay sinulat upang malaman ng mga makasalanang tao na mayroon silang kaligtasan. Ang Biblia ay kasulatan ng ating mapagmahal na Panginoon, hindi ito pilosopia o karunungan ng mga tao lamang.

Ipinagkaloob sa atin ng Dios ang Biblia upang tayo ay mapalapit sa Kanya, hindi upang magkaroon tayo ng iba't-ibang relihiyon. Kaya sa ating pagaaral ng Biblia, kailangan nating matuklasan ang kasaysayan ng Dios, ang Kanyang panukala at tunay na layunin para sa atin, ang Kanyang mensahe ng kaligtasan, at ang Kanyang dakilang pagibig sa mga makasalanan.

BARKADA

Matapos magpakilala ang mga kaanib ng grupo, ipasagot sa bawat isa ang tanong na ito:

Kung ibibigay sa iyo ng Dios ang isang kahilingan mo ngayong oras na ito, anong isang bagay ang hihilingin mo?

ALAM KO NGAYON

Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at bilugan ang inyong sagot (S-Segurado, H-Hindi, M-Medyo).

1. Alam ko na ang aking layunin sa buhay. **S H M**
2. Mas contento ako ngayon sa mga pagaari ko kaysa noong nakaraang taon. **S H M**
3. Mas contento ako ngayon sa mga relasyon ko kaysa noong nakaraang taon. **S H M**
4. Mas malapit ko nang maabot ang mga layunin ko sa buhay kaysa noong nakaraang taon. **S H M**
5. Mas mahalaga at una ang Dios sa aking pamumuhay. **S H M**

LIWANAGIN

Ano ang matututuhan ko sa Biblia? Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa Dios? Ano ang sinasabi tungkol sa tao? Ano ang panukala ng Dios para sa tao? Bakit nilalang ng Dios ang tao? Paano nagkasala ang tao? Anong naging bunga ng kasalanan ng tao? Ano ang plano ng Panginoon ngayong makasalanan na ang mga tao?

<u>TANONG-1</u>: Bakit kailangan kong magaral ng Biblia?

<u>BABASAHIN-1</u>
2 Tim. 3:15-16

<u>LIWANAG-1</u>: ANG BIBLIA AY NAGBIBIGAY NG KARUNUNGAN TUNGKOL SA _____, TUNGKOL SA _____ KO, AT TUNGKOL SA LAYUNIN AT _____ NG DIOS PARA SA AKIN.

<u>PALIWANAG</u>: *Kasama sa Biblia ng mga Hebreo (Judio) ang mga sinulat ni Moises (unang limang aklat), ang istorya (history) ng mga Isaraelita, ang mga aklat ng karunungan (wisdom books) at mga awit, at ang mga sinulat ng mga propeta. Ang Biblia ng mga Cristiano ay dalawang bahagi: ang Lumang Tipan (Old Testament - ang Biblia ng mga Judio) at ang Bagong Tipan (New Testament). Kasama sa Bagong Tipan ang kasaysayan ni Cristo (gospels) na*

sinulat ng Kanyang mga alagad, at ang mga sulat ng mga apostoles sa mga iglesia noong panahon nila. Ang Biblia na ginagamit ng mga Protestante ay mayroong 66 na mga aklat (39 sa Lumang Tipan at 27 sa Bagong Tipan). Ang Biblia na ginagamit ng mga Catolico ay mayroong 73 na mga aklat, kasama ang Deuterocanonico (Apochrypha).

TANONG-2: Ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa Dios?

BABASAHIN-2
Gen. 1:1

BABASAHIN-3
Gen.1:26

LIWANAG-2: NILALANG NG DIOS ANG LAHAT NG BAGAY SA LANGIT AT _____ AT NILIKHA NIYA ANG MGA _____ AYON SA KANYANG _____.

PAGUSAPAN: *Ano ang ibig sabihin ng paglalang ng tao sa "larawan" ng Dios?*

PAGISIPAN: *Alam ba natin kung may mukha at katawan ang Dios? Ang Dios ay hindi katulad nating laman, kundi Siya ay espirito. Ang tao ay nilikha ayon sa larawan ng ugali ng Panginoon. Tayo'y nilalang na banal at mapagmahal na katulad ng Dios.*

TANONG-3: Ano ang talagang layunin ng Dios sa simula pa nang Kanyang lalangin ang tao?

BABASAHIN-4
Gen. 1:27-28

PAGUSAPAN: *Ano ang unang iniutos ng Dios sa mga tao?*

PAGISIPAN: *Inutos ng Panginoon sa mga unang tao ang mga bagay na ito:*

(a) "Maging mabunga at magpakarami"
(b) "Punuin at sakupin ang daigdig"
(c) "Pamahalaan" (ang daigdig at mga ibang nilalang)

BABASAHIN-5
Mga Awit 8:3-8

PAGUSAPAN: *Ano ang ibig sabihin ng "pinatungan mo siya ng kalualhatin at karangalan"?*

PAGISIPAN: *Nilalang ng Dios ang tao sa Kanyang larawan at binigyan Niya ang tao ng karapatang mamahala sa daigdig.*

BABASAHIN-6
Mga Awit 115:16

LIWANAG-3: ANG PANUKALA NG DIOS SA SIMULA PA AY BIGYAN ANG TAO NG KARAPATANG _____ SA DAIGDIG SA KANYANG "LARAWAN" O TAGAPAMAHALANG REPRESENTANTE NG _____ NG LANGIT.

PALIWANAG: *Nilalang ng Dios ang tao ayon sa Kanyang larawan dahil pinanukala Niyang gawin ang tao na tagapamahala ng Kaharian ng Langit sa lupa. Kasama sa "larawan" ng Dios ang kakayahang matupad ang tatlong bagay na mahalaga sa pananatili sa maka-Dios na relasyon:*

(a) ***Karapatang Mamili*** *- Ang tao ay nilikhang may kalayaang pumili na maging malapit sa Panginoon. Mayroon din siyang kalayaang tanggihan ang pagka-ama at pamahalaan ng Dios.*
(b) ***Kakayahang Umibig*** *- Ang kakayahang ito ay kailangang patuloy na pinupuno ng Dios, habang ang tao ay malayang tinatanggap ang malapit na kaugnayan sa Panginoon.*

(c) ***Kakayahang Maging Malapit*** - *Ang karapatang mamahala sa daigdig ay mararanasan lamang ng tao habang siya ay nakakabit at kaugnay ng Espirito ng Dios.*

<u>TANONG-4</u>: Ano ang nangyari sa mga tao nang magkasala si Adan?

<u>BABASAHIN-7</u>
Taga Roma 5:12

<u>BABASAHIN-8</u>
Taga Roma 3:10-12,23

<u>PAGUSAPAN</u>: *Ano ang nangyari sa sangkatauhan nang magkasala si Adan?*

<u>PAGISIPAN</u>: *Nahawa ang buong sangkatauhan sa kasalanan ni Adan. Tayo ay naging makasalanan dahil sa kasalanan ni Adan, hindi dahil sa tayo ay nagkasala. Ang bawat tao ay ipinanganak na makasalanan na dahil sa unang kasalanan ni Adan (yaong tinatawag na "original sin"). Tayo'y nagkakasala ngayon dahil noon pang tayo'y isinilang, tayo'y mga makasalanan na. Lahat ng tao sa mundo ay ganito ngayon.*

<u>LIWANAG-4</u>: ANG BOONG _____ AY NAWALAN NG KARAPATANG _____ ANG PANUKALA NG DIOS PARA SA TAO.

<u>PALIWANAG</u>: *Napahiwalay ang tao sa Dios dahil sa kasalanan. Sa saglit na nagkasala si Adan at si Eva, nawalan ng kakayahang mamili at umibig ang tao. Dahil sa pagkahiwalay sa Panginoon, hindi na kaya ng tao na mamahala sa daigdig. At ngayon, ang tao ay mayroong tatlong pangangailangan na hindi kayang punuin ng tao lamang. Itong ating mga pagnanasa na lamang ang tanging nalalabi sa "larawan" ng Dios sa tao ngayon.*

(a) ***Pagnanasang Maging Malaya*** - *Nais nating maging malaya tayo na pumili ng anumang magbibigay kahulugan at kaligayahan sa ating buhay.*

(b) ***Pagnanasa sa Kapangyarihan*** - *Nais nating maging makapangyarihan para ating ma-control ang ating kalagayan. Ngunit dahil sa kasalanan, yaong dapat nating pamahalaan ay siyang nag-cocontrol sa ating buhay.*

(c) ***Pagnanasang Mahalin Nang Labis*** - *Nais nating tayo'y mahalin ng ibang tao na walang kundisyon. Dahil sa kasalanan, ang malapit na pagmamahalan ay imposible na ngayon sa mga tao. Kaya nga tayo ngayon ay nagtitiis na lang sa kulang na pagmamahalan.*

Sa likod ng bawat pagnanasa ng tao, mabuti man o masama, ay ang pagnanais na mabalik ang bagay na nawaglit dahil sa pagkakasala ni Adan – ang malapit na relasyon sa Panginoon at ang karapatang mamahala sa daigdig. Ang ating mga masamang pagnanasa ay mga huwad na pagnanasa, di katulad nang ibinigay ng Dios sa tao noong pasimula. Ang ating mga mabuting pagnanasa ngayon ay malayo na sa ating tunay na damdamin. Ang talagang nais natin ay mapalapit uli tayo sa Dios at mabalik sa talagang layunin ng Dios para sa tao.

<u>TANONG-5</u>: Ano ngayon ang panukala ng Dios para sa mga taong makasalanan?

<u>BABASAHIN-9</u>
Taga Efeso. 1:4-5

<u>BABASAHIN-10</u>
Taga Roma 5:18-19

<u>PAGUSAPAN</u>: *Ano ang solusyon ng Dios sa pagkahiwalay ng tao sa Kanya dahil sa kasalanan?*

<u>PAGISIPAN</u>: *Ginamit ng Dios Ama si Jesus na solusyon upang mabalik ang tao sa dating plano Niya para sa kanila. Ang panukala Niya'y hindi nagbabago. Ang buong plano ng pagliligtas ng*

makasalanang tao ay posible lamang kay Jesu-Cristo. Mukhang hindi makatarungan na ang lahat ng sangkatauhan ay naging makasalanan dahil lamang sa kasalanan ng isang tao (si Adan). Ngunit gumawa din ang Dios ng isang mukhang hindi makatarungan. Sinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang magkatawang-tao (Si Jesus, ang "Pangalawang Adan") at upang sumunod sa Dios sa buong buhay niya, at saka upang mamatay sa lugar natin. Dahil sa ginawa ng isang Taong ito, tayo nagyon ay magiging matuwid sa paningin ng Dios.

BABASAHIN-11
Pahayag 11:15

PALIWANAG: *Sinasabi ng Biblia kung ano ang mangyayari sa wakas ng kasaysayan ng Dios at ng tao. Ibabalik ang nawalang kaharian sa bagong daigdig na lalalanging muli ni Cristo.*

LIWANAG-5: HINDI NAGBABAGO ANG PLANO NG DIOS NA _____ ANG NAWALANG _____ SA MGA TAO SA PAMAMAGITAN NG GAWAIN NG KANYANG ANAK, SI _____.

TANONG-6: Anong magandang balita ang ipinahayag in Jesus?

BABASAHIN-12
Lucas 12:32

PALIWANAG: *Ang magandang balita ni Jesus ay ito: Ang kaluguran ng Dios ay ibalik ang nawalang kaharian ng tao.*

BABASAHIN-13
Juan 3:16-17

PAGUSAPAN: *Bakit sinugo ng Dios ang Kanyang Anak sa mundo?*

PAGISIPAN: *Naparito si Jesus sa mundo upang iligtas ang mga tao, hindi upang hatulan sila. Ang sinomang sumampalataya sa Kanya ay papasok sa Kaharian ng Dios na walang hanggan. Sa pamamagitan ni Jesus, ibabalik ng Dios ang taong makasalanan sa Kanyang sarili at ibabalik din ang nawalang kaharian ng tao sa daigdig.*

LIWANAG-6: AKO AY MAGIGING _____ SA PANINGIN NG DIOS AT _____ SA KANYANG KAHARIAN DAHIL SA GINAWANG _____ NI JESUS.

MAGANDANG BALITA NG KAHARIAN - 1

Ang Biblia ay hindi tungkol sa relihiyon o pilosopia ng tao kundi ito'y tungkol sa ating relasyon sa Panginoon. Ako'y nilalang ng Dios ayon sa Kanyang larawan upang mabuhay ako na malapit sa Kanya at upang ako'y mamahala sa Kanyang kaharian dito sa daigdig. Dahil sa pagsuway ni Adan, nahiwalay ang tao sa Dios at nawala ang karapatan niya na mamahala sa lupa. Dahil naman sa pagsunod ni Cristo, ako'y mababalik sa kaharian ng Dios na walang hanggan.

PAGLAPIT SA KAHARIAN - 1

KAILANGAN KONG KILALANIN NA ANG AKING MGA PAGNANASA – MABUTI MAN O MASAMA – AY NAGPAPATUNAY NA AKO AY TALAGANG UHAW-NA-UHAW NA MAPALAPIT SA DIOS.

PALIWANAG: *Kailangan kong maunawaan at tanggapin na ako'y nilikha ng Dios upang ako'y mamuhay at mamahala na katulad Niya. Kailangan kong kilalanin na ang bawat pagnanasa ko – mabuti man o masama – ay ang tanging nalalabi sa larawan ng Dios sa akin. Kapag ginawa ko ito, ako'y mapupunta sa daang patungo at palapit sa Panginoon.*

NATUTUHAN KO

Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at bilugan ang inyong sagot (S-Segurado, H-Hindi, M-Medyo).

1. Naunawaan ko na kung bakit nais kong mahalin ako ng ibang tao na walang kundisyon. **S H M**
2. Nauunawaan ko na ang aking mga pagnanasa ay kagutoman ko na mapalapit sa Dios. **S H M**
3. Nauunawaan ko na si Cristo ay sinugo ng Dios upang ibalik ang kahariang nawala ni Adan. **S H M**

GAGAWIN KO NGAYON

(Check)

___ Gusto ko pang matuto tungkol sa Dios at kay Jesus.

___ Gusto ko pang matutuhan ang plano ng Dios para sa aking buhay.

___ Magaaral ako ng Biblia na kasama ng grupo.